

# ISANG GABAY SA KALIGTASAN

MGA MAPAGKUKUNAN AT IMPORMASYON  
PARA SA MGA BIKTIMA NG KAHARASAN  
SA TAHANAN



Nilalaman ang gabay ng kaligtasan na ito ng impormasyon at mga mapagkukunan na maaaring makatulong sa iyo na magplano para sa kaligtasan at kapakanan ng pamilya mo. Umaasa kami na makatutulong at aalalay sa iyo ang impormasyong ito sa pagpili para sa sarili mo at sa pamilya mo.

**Tandaan, kung sakaling makadarama ka ng panganib o hindi ligtas, dapat ang iyong unang hakbang ay tumawag sa 911 para sa agarang tulong.**

**Karapat-dapat ka – at may karapatan – na mamuhay nang walang takot at karahasan.**

This document is available in additional languages. Este documento está disponible en español.  
Ang dokumentong ito ay makukuha sa Filipino. 在中國的語言提供這個文件

## Pagkakompidensiyal

Nakahanda ang San Francisco Adult Probation Department para tulungan ka. Mangyaring maging malaya na makipag-ugnayan sa amin. Gayunman, mangyaring malaman na may legal na obligasyon ang mga opisyal ng probasyon na panagutin ang mga nagkasala kung lalabagin nila ang batas o hindi susunod sa mga utos ng probasyon. Maaaring kasama dito ang pag-uulat ng impormasyon sa Korte, depende sa mga sirkumstansiya.

Isang listahan ng mga mapagkukunan, kabilang ang kumpidensiyal na mga serbisyo ng pagpapayo at pangangasiwa ng kaso, ay ibinibigay sa likod ng gabay na ito.

## Bill of Rights ng mga Biktima – Marsy's Law

Batay sa Konstitusyon ng Estado ng California, maraming karapatan ang mga biktima ng krimen, kabilang ang mga karapatan na:

- Tratuhan nang may pagkamakatarungan at paggalang at maging malaya mula sa anumang pananakot, panggugulo, at pang-aabuso sa kabuuan ng proseso ng hustisya sa krimen o juvenile.
- Maging makatwirang napoprotektahan mula sa nagkasala at mga taong tumatayo sa ngalan niya.
- Panatilihin kompidensiyal ang tirahan mo at iba pang pribilehiyong impormasyon mula sa nagkasala at sa mga taong tumatayo sa ngalan niya.
- Dumalo at magsalita sa pagdinig sa pagsisintensiya at iba pang paglilitis ng Korte.
- Tumanggap ng kompensasyon, o “restitusyon,” mula sa nagkasala para sa mga pagkawala o pinsalang naranasan mo bilang isang resulta ng krimen.
- Maibalik sa iyo ang iyong ari-arian sa sandaling hindi na ito kailangan bilang ebidensiya.

## Ano ang Kahulugan ng Probasyon para sa Nagkasala?

Ang nagkasala, habang naka probasyon, ay inuutusang gawin ang sumusunod:

- Sumunod sa lahat ng batas
- Sumunod sa anumang mga utos na pag-layo
- Sumunod sa opisyal ng probasyon sa lahat ng oras
- Kumpletuhin ang 52 linggo ng mga klase sa karahasan sa tahanan
- Dumalo sa lahat ng petsa ng korte
- Huwag magmay-ari ng anumang uri ng armas
- Dumalo sa mga programang pangmagulang, pagpapayo sa pang-aabuso sa droga, o iba pang paggagamot, kung ipinag-uutos
- Kumpletuhin ang mga oras ng serbisyo sa komunidad, kung ipinag-uutos

**Kung naaresto ang nagkasala o natukoy sa isang krimen (hindi lamang sa krimen sa karahasan sa tahanan), lumalabag sa utos na paglayo, o hindi nakakasunod sa iba pang hinihingi, sasailalim siya sa isang malubhang sanksiyon hanggang sa panahon ng pagkabilanggo o pagkabilibid.**



probation  
mangyari (maganáp).  
probado, prubado Sp.  
proved. Syn. Subók na.  
probasyon Sp., probeyo  
tion in the legal sense;  
Syn. Subók na paglayo  
probetso Sp. (proved  
gain. Syn.

## Mga Utos na Paglayo

Maaari kang maging karapat-dapat para sa isang utos na paglayo, tinatawag ding restraining order o protective order. Ang mga pangunahing klase ng mga utos na paglayo ay:

### Emergency Protective Order (EPO):

Ang EPO ay isang panandaliang kautusan na makukuha ng pulisya para sa iyo mula sa isang hukom nang 24/7. Karapat-dapat ka kung nangangamba ka nang agaran at kasalukuyang panganib ng kaharasan sa tahanan, pang-aabuso sa anak, pagdukot sa anak, pagbuntot (stalking), pag-abuso sa nakatatanda, o pag-abuso sa umaasang matanda, at kailangan ng proteksiyon. Puwedeng utusan ng EPO ang nagkasala na huwag siyang makipag-ugnayan sa iyo, umalis sa tahanan mo, na huwag magmay-ari ng baril, at maaari ka rin bigyan ng pansamantalang pangangalaga at kontrol sa mga anak na parehong inyo ng nagkasala. Tumatagal ng 5 araw na may pasok o 7 araw sa kalendaryo ang isang EPO at bibigyan ka ng panahon na makakuha ng mas matagal na restraining order. Kung kailangan mo ng EPO, tawagan ang 911.

### Restraining Order para sa Civil Harassment:

Karapat-dapat ka para sa isang restraining order para sa civil harassment kung nangangamba ka tungkol sa kaligtasan mo dahil ikaw ay binuntutan, inatake, ginahasa, inabuso, o pinagbantaan ng isang taong hindi mo naka-date at walang malapit na relasyon sa pamilya (tulad ng isang kapitbahay, roommate, kaibigan, tiyuhin, tiyahin, o pinsan). Maaaring may bayad ito.

### Restraining Order sa Karahasan sa Tahanan:

Ang restraining order para sa karahasan sa tahanan ay isang pang-matagalan na utos, na maaaring tumagal nang hanggang sampung taon at maaaring i-renew. Maaari nitong utusan ang nagkasala na huwag kang kokontakin, umalis sa tahanan mo, huwag magmay-ari ng baril, huwag sirain ang iyong ari-arian, at manatili sa isang tinukoy na distansiyang layo mula sa iyo (tulad ng 100-150 yarda). Puwede ding kasama dito ang mga utos para sa pangangalaga, pagbisita, at suporta sa anak para sa sinumang mga anak na parehong inyo ng nagkasala. Karapat-dapat ka kung binuntutan ka, inatake, ginahasa, inabuso, o pinagbantaan ng isang taong naka-date mo o may malapit na relasyon sa pamilya. Ang utos na restraining order para sa karahasan sa tahanan ay iginagawad ng Korte. Una, maaari kang kumuha ng pansamantalang utos na restraining order nang hanggang 7 araw. Pagkatapos ay dapat kang dumalo sa isang pagdinig ng korte para makakuha nang mas permanenteng kautusan. Bago ang pagdinig, dapat ibigay ng isang tao sa nagkasala (ibigay sa nagkasala ang abiso ng iyong layuning humiling ng restraining order laban sa kanya). Walang bayad para sa restraining order.

Kung sakaling makaramdam ka ng panganib o hindi ligtas, tumawag sa 911 para sa madaliang tulong.

# 911



Maaaring ipinag-utos ng Korte ang isang utos na paglayo nang masintensiyahan ang nagkasala. Puwede mo kaming tawagan sa Adult Probation Department para malaman kung mayroon noon. Kung kailangan mong kumuha ng restraining order para sa karahasan sa tahanan o civil harassment, maaari mo kaming tawagan o isa sa mga sumusunod na ahensiya:

- The District Attorney's Victim Services Division (415-553-9044)
- The Cooperative Restraining Order Clinic (415-255-0165)
- The ACCESS Center of the San Francisco Superior Court (415-551-5880)
- Bay Area Legal Aid (1-800-551-5554)

Kapag may kautusan na paglayo ka, dapat kang:

1. Palagaing magdala ng kopya ng iyong restraining order.
2. Mag-file ng kopya ng kautusan sa iyong lokal na istasyon ng pulis.
3. Kung nilalabag ng nagkasala ang kautusan na paglayo, hinihimok ka namin na madaliang tawagan ang pulisya at iulat ang paglabag.

## Pagkilala sa mga Palatandaan

Maaaring magkaroon ng maraming anyo ang karahasan sa tahanan, kabilang ang pisikal na pang-aabuso, pang-aabuso sa emosyon, seksuwal na pang-aabuso at pamumuwersa, pamumuwersa sa pagkakaanak, o pang-aabuso sa pinansiya. Maaaring mangyari ang kaharasan sa tahanan sa malalapit na relasyong pampamilya at sa relasyong sekswal ng magkalaguyong hindi kabaro o parehong seks na matalik ang mga ugnayan. Hindi palaging madaling makilala ang karahasan sa tahanan sa una. Samantalang malinaw na mapang-abuso ang ilang relasyon mula sa simula, ang pang-aabuso ay maaaring banayad sa una at lumalala sa paglipas ng panahon. Kung nananatili ka pa ring nasa isang relasyon sa nagkasala o nasa ibang relasyon, maaaring nakararanas ka ng karahasan sa tahanan kung tao ay:

- Tinatawag ka sa ibang pangalan, iniinsulto/ ipinapahiya ka, sinisiraan ka, sinasabihan na isa kang masamang magulang o na wala kang magagawang tama kahit kailan.
- Pinipigilan o pinahihina ang loob mo sa pagtatrabaho o pag-aaral.
- Pinipigilan o pinahihina ang loob mo sa pakikipagkita sa mga miyembro ng pamilya o kaibigan.
- Pinipilit na kontrolin kung paano mo gastusin ang pera, kung saan ka pupunta, kung anong gamot ang iniinom mo, o kung ano ang isinusuot mo.
- Gumagawa ng lahat ng desisyon.
- Umaaktong nagseselos o mapang-angkin o palagi kang pinararatangan na taksil ka.
- Nagagalit kapag umiinom ng alak o nagdo-droga.
- Nanununtok, naninipa, nanunulak, nananampal, nananakal o sa ibang paraang sinasaktan ka, ang iyong mga anak, o ang iyong mga alagang hayop.
- Binabantaan ka, ang mga anak mo, o ang mga alaga mong hayop gamit ang karahasan o isang sandata.
- Nagbabantang magpapakamatay o kukunin ang mga anak mo kung aalis ka.
- Tinitingnan ka sa mga paraang natatakot ka.
- Pinupuwersa o pinipilit kang makipagseks o sumali sa mga seksuwal na gawaing hindi mo gusto.
- Pinupuwersa kang gumamit ng mga droga o alak.
- Sinisisi ka para sa kanyang bayolenteng asal o sinasabi sa iyo na dapat lang iyon sa iyo.

## Pagkapribado ng Internet

Maaaring subaybayan ng nagkasala ang paggamit mo ng internet upang makontrol ka. Narito ang ilang mungkahi tungkol sa kung paano pangangalagaan ang iyong kaligtasan.

**Email:** Kung may access ang nagkasala sa email account mo, puwede niyang mabasa ang mga mensahe mo. Kahit na naniniwala kang ligtas ang account mo, siguraduhin na pipili ka ng password na hindi niya mahuhulaan. Kung pinadadalhan ka niya ng

mga magpagbanta o nanggugulong email message, maaari mong i-print at i-save ang mga iyon bilang ebidensiya ng pag-aabusong ito.

**Mga paghahanap sa Internet:** Kung alam ng nagkasala kung paano babasahin ang history ng naka-cache na file ng computer mo (mga awtomatikong nasi-save na mga web page at graphics), maaari niyang makita ang mga impormasyon na tiningnan mo sa Internet. Maaari mong gawin ang ilang hakbang para malinis ang iyong history, bagama't maaaring hindi lubusang maitatago ng mga ito ang mga bakas mo. Ang mga hakbang kung paano gagawin ito ay nakalaan dito:

<http://www.ncadv.org/protectyourself/InternetSafety.php>

## Kung isa kang tomboy, bakla, silahis, o transgender, maaaring nakararanas ka rin ng karahasan sa tahanan kung ang taong ito ay:

- Nagbabantang sasabihin sa mga kaibigan, pamilya, o mga katrabaho ang tungkol sa inyong seksuwal na oryentasyon o pagkakakilanlan ng kasarian.
- Sinasabi sa iyong hindi makatutulong ang mga awtoridad sa isang tomboy, bakla, silahis, o transgender na tao.
- Sinasabing hindi puwedeng maging marahas ang mga babae.
- Binibigyang-katwiran ang pang-aabuso sa pagsasabi sa iyo na hindi ka "talaga" tomboy, bakla, silahis, o transgender.
- Sinasabi sa iyo na ang pag-alis sa relasyon ay nangangahulugan na inaamin mong abnormal ang tomboy, bakla, silahis, o transgender.



## Personal na Plano sa Kaligtasan

Ang paggawa ng personal na plano sa kaligtasan – o ang simpleng pag-iisip nang nauuna tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin – ay maaaring makatulong sa iyo na magplano para sa mga pangangailangan mo at ng iyong pamilya. Kung nananatili ka pa rin sa isang relasyon sa nagkasala, iniwan na siya, may bahagyang kaugnayan pa rin tulad sa pagbisita ng anak, o nasa isang bagong relasyon man, tandaan na mayroon kang karapatang mamuhay nang walang takot at karahasan. Narito ang ilang mga mungkahi na nakatulong na sa ibang tao sa mga sitwasyong tulad ng sa iyo.

### CHECKLIST

Kung nag-eempake ka ng bag para sa pagtakas o naghahandang umalis, maaaring kailanganin mo ang sumusunod, kabilang ang para sa mga anak mo:


- Lisensiya sa Pagmamaneho
- Passport
- Iba pang identification card
- Social security card
- Green card/work permit
- Birth certificate
- Mga bank/financial account statement/mga pay stub/W-2 (sa iyo at sa nagkasala)
- Checkbook
- Pera
- Lease/house deed
- Mga papeles ng insurance (health, life, car, house)
- Rehistro ng kotse
- Mga gamot
- Mga medikal na rekord
- Mga rekord sa paaralan
- Lisensiya ng kasal
- Mga papeles ng diborsiyo
- Mga papeles sa pangangalaga
- Mga laruan ng mga anak
- Mga larawan
- Alahas
- Anumang dokumento ng pag-abuso (mga larawan, report ng pulis, medikal na rekord, atbp.)

### Mga Preliminaryong Hakbang sa Plano sa Kaligtasan na Ikokonsidera

- Isipin kung ano ang sasabihin mo sa nagkasala kung magiging mapanganib o marahas siya.
- Kung may argumento, paano ka makapupunta sa isang kuwartong may mas kakaunting bagay na maaaring gamitin bilang mga sandata? Paano mo maiwasang makulong sa kusina, banyo, silong, o garahe? Alin-alin ang mga pinto, bintana, elevator, o hagdanan ang gagamitin mo para makalabas?
- Mag-impake ng “bag para sa pagtakas” na may ilang pera, ekstrang set ng mga susi ng kotse, damit na pamalit, mga gamot, mahahalagang papeles (hal., mga katibayan ng pagsilang at mga social security card). Maitatago mo ba ito sa isang ligtas na lugar o sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, tulad ng kaibigan, kapitbahay, o sa trunk ng kotse mo?
- May isang tao ba – tulad ng isang kapitbahay – na maaari mong sabihan na tumawag sa pulisya kung makaririnig sila ng kaguluhan na nagmumula sa tahanan mo?
- Alam ba ng mga anak mo kung paano gamitin ang telepono upang makontak ang pulisya?
- Saan mo maaaring itabi ang importanteng numero ng telepono (pulisya, mga hotline, kaibigan, shelter) para sa iyo at sa mga anak mo? Masasaulo mo ba ang mga iyon?
- Mayroon bang code na salita o signal na maaari mong gamitin sa mga kaibigan, pamilya, o sa mga anak mo para alertuhan sila na tumawag ng tulong?
- Kung kailangan mo ng lugar na sandaling titigilan, saan ka maaaring pumunta? Maaari ka bang tumigil sa pamilya o mga kaibigan? Nasaan ang isang emergency na silungan?
- Gamitin ang iyong likas na ugali at pagpapasiya. Sa ilang mapanganib na sitwasyon, maaaring pinakaligtas na bigyan ang isang nang-aabuso kung ano ang gusto niya para mapakalma siya.

### Kaligtasan Kapag Naghahandang Iwanan ang isang Nang-aabuso

1. Magbukas ng checking o savings account na nasa sarili mong pangalan.
2. Mag-impake ng “bag para sa pagtakas” at iwanan ito sa isang ligtas na lugar.
3. Tipunin ang mahalagang alahas, mga larawan, at mga bagay na sentimental.
4. Kumuha ng sarili mong post office box.
5. Tumukoy ng ligtas na lugar na maaari mong puntahan at isang taong magpapahiram ng pera sa iyo.
6. Laging magdala ng numero ng telepono ng isang silungan, isang tarheta, o kaunting barya para sa mga emergency na pagtawag sa telepono.
7. Kung mayroon kang mga alagang hayop, makipag-arrange para sila ay maalagaan sa isang ligtas na lugar.
8. Isipin kung anu-anong mahalagang papeles at dokumento na kailangang madala mo para makapag-aplay para sa mga benepisyo o makagawa ng legal na aksiyon.



**Ang pag-iwan sa isang nang-aabuso ay maaring isang panahon na mapanganib. Nakalaan ang mga mapagkukunan para.**



## Kaligtasan Matapos Iwanan ang isang Nang-aabuso



- Palitan ang mga kandado sa iyong mga pinto mo sa lalong madaling panahon.
- Kung iniwan mo ang tahanan mo at kailangan mong bumalik para kunin ang mga gamit mo, kumuha ng makakasamang pulis.
- Iwasang mapag-isa.
- Bumuo ng planong pangkaligtasan kasama ang iyong mga anak kapag hindi mo sila kasama.
- Kung kailangan mong makipagkita sa nagkasala, makipagkita sa isang pampublikong lugar; magsama ng kaibigan.
- Planuhin kung ano ang gagawin mo at kung paano makalalayo kung makokompronta sa publiko.
- Ipaalam sa paaralan, day care, atbp ng mga anak mo., tungkol sa kung sino ang may permisong sumundo sa mga anak mo.
- Sabihin sa isang tao sa trabaho ang sitwasyon mo. Isama ang mga opisyal ng seguridad sa trabaho at bigyan sila ng larawan ng nagkasala.
- Sabihin sa mga kapitbahay at sa kasera na hindi mo na kasama sa bahay ang nagkasala, at sabihan silang tumawag sa pulisya kung makikita nila siya na malapit sa tahanan mo.
- Kung may kautusan ka ng paglayo, dalhin ito sa lahat ng oras. Tawagan ang 911 kung nilalabag ng nagkasala ang kautusan. Ipaalam sa mga miyembro ng pamilya, kaibigan, at kapitbahay ang tungkol sa kautusang paglayo.
- Palitan ang numero ng iyong telepono. Humiling ng hindi nakalista/hindi nakalathalang numero mula sa kompanya ng telepono.
- I-screen ang mga tawag sa iyo. Ipa-screen sa isang tao ang mga tawag sa iyo sa telepono sa trabaho.
- Huwag sasabihin sa nagkasala kung saan ka nakatira at huwag siyang tatawagan mula sa landline sa tahanan.
- Magpahatid ka sa sinuman sa pagpunta at pag-alis sa iyong kotse, bus, o tren.
- Gumamit ng iba't ibang ruta pauwi at paalis ng tahanan.
- Ingatan at idokumento ang lahat ng kontak, mensahe, pinsala o iba pang insidenteng kinasasangkutan ng nagkasala.



# Saan Ako Maaaring Pumunta para sa Higit na Impormasyon o Tulong?

**Maraming serbisyo sa komunidad na magagamit para matulungan ka. Nasa ibaba ang isang parsiyal na listahan.**

Pangkalahatan	
Police & Ambulance Emergency Assistance	911
Help Link (Community Resource Hotline)	800-273-6222

24-Oras na mga Crisis Line	
Adult Protective Services (APS)	24/7 Reporting: 800-814-0009
Asian Women's Shelter	1-877-751-0880
Child Protective Services	24/7 Reporting: 415-558-2650
CA Youth Crisis Line	800-843-5200
Elder Friendship Line	415-752-3778
National Domestic Violence Hotline	800-799-SAFE (7233)
Rape Treatment Center	415-821-3222
Riley Center, St. Vincent de Paul Society	415-831-3535
SF Women against Rape (SFWAR)	415-647-7273
SF Suicide Prevention Crisis Line	415-781-0500
San Mateo County Community Overcoming Relationship Abuse (CORA)	1-800-300-1080
Sister Me Home	866-292-9688
WOMAN, Inc.	415-864-4722

Pamamagitan ng Hustisya sa Krimen	
Adult Protective Services (APS)	415-557-5230
	24/7 Reporting: 800-814-0009
Child Protective Services (CPS)	800-856-5553
SF Adult Probation Department	415-553-1706
SF County Jail	415-575-4410
SF Public Defender's Office	415-553-1671
SF District Attorney's Office	415-553-1751
SF DA Child Abduction Unit	415-551-9553
SF DA Victim Services	415-553-9044
SF Police Dept. General Works	415-553-9098
SF Police Dept.: Non-Emergency	415-553-0123
SF Police Dept. DV Response Unit	415-553-9225
State Department of Child Support Services	415-356-2700
Youth Guidance Center	415-753-7500

Tulong sa Pabahay/Silungan/Pag-upa	
A Man's Place (Shelter) • 399 Fremont St, SF 94105	415-908-0100
A Woman's Place (Shelter) • 1049 Howard Street, SF 94101	415-487-2140
A Safe Place-Shelter for Battered Women (Shelter in Oakland) PO Box 23006, Oakland, 94623	510-536-7233
Asian Women's Shelter (DV Shelter) • 3543 18th Street #19, SF 94110	24/7: 1-877-751-0880
Cameron House (DV Shelter) • 920 Sacramento St. SF 94108	415-781-0401
Center for Domestic Peace (Shelter in Marin) • 734 A Street, San Rafael, 94901	415-457-2464
Chronicle Season of Sharing Fund (Senior Rental Assistance) PO Box 7988, SF 94120-7988	415-557-6484
Community Overcoming Relationship Abuse (San Mateo) 2211 Palm Ave, San Mateo, 94403	24/7: 1-800-300-1080
Compass Connecting Point (Family Services) • 995 Market St, SF 94103	415- 442-5130
Diamond Youth Center • 536 Central Avenue, SF 94117	1-800-887-1020
Jewish Family & Children's Services (Transitional Housing) 2150 Post St, SF 94115	415-449-1200
La Casa de Las Madres (DV shelter) 1663 Mission Street Ste 225, SF 94103	Adults: 887-503-1850 Teens: 887-923-0700
Larkin Street Youth Center • 1138 Sutter St, SF 94109	415-673-0911
Prenatal Family Community Resource Center (Rental/Housing) 995 Market Street Ste 1010, SF 94103	415-546-6756
Riley Center, St. Vincent de Paul Society (DV Shelter) 1175 Howard Street, 2nd Floor, SF 94103	415-255-0165
Rosalie House (DV Shelter)	415-225-0167
SF Domestic Violence Consortium	415-626-8709
SF Housing Authority (Low Income Housing) • 2698 California St, SF 94115	415- 567-7918
Sister Me Home (Shelter in San Leandro) • 1395 Bancroft Ave, San Leandro, 94577	1-866-292-9688
WOMAN, Inc. (DV Shelter Clearing House) • 333 Valencia St Ste 450, SF 94103	24/7: 415-864-4722

# Saan Ako Maaring Pumunta para sa Higit na Impormasyon o Tulong? (patuloy)

## Mga Serbisyo ng Pagpapayo/Pangangasiwa ng Kaso

Asian Perinatal Advocates - Family Support Services 10 Nottingham Pl, SF 94133	415-206-5450
Asian Women's Shelter • 3543 18th Street #19, SF 94110	24/7: 1-877-751-0880
Central American Resource Center (CARECEN) • 1245 Alabama St, SF 94110	415-824-2330
Community Overcoming Relationship Abuse 2211 Palm Ave, San Mateo, 94403	24/7: 1-800-300-1080
Community United Against Violence (CUAV) (LGBTQ) 427 South Van Ness, SF 94103	415-333-HELP (4357)
Donaldina Cameron House (Asian Women) • 920 Sacramento St, SF 94108	415-781-0401
Felton Institute • 1500 Franklin St, SF 94109	415-474-7310
GLIDE Women's Center • 330 Ellis St., SF 94102	415-674-6000
Instituto Familiar de La Raza	415-229-0500
Jewish Family and Children's Services • 2150 Post St., SF 94115	415-449-1200
La Casa de Las Madres • 1663 Mission Street Ste 225, SF 94103	Adults: 887-503-1850 Teens: 887-923-0700
Richmond Area Multi Services (12+ Languages Available) 3626 Balboa St, SF 94121	415-668-5955
Riley Center, St. Vincent de Paul Society • 1175 Howard Street, 2nd Floor, SF 94103	415-255-0165
SF Domestic Violence Consortium	415-626-8709
SF Women Against Rape (SFWAR) • 3543 18th St #7, SF 94110	24/7: 415-647-7273
Shalom Bayit (Jewish Women) • PO Box 10102, Oakland, 94610	510-451-8874
Survivor Restoration Program (SF Sheriff's Dept.) • 120 14th St, SF 94103	415-734-2312
WOMAN, Inc. • 333 Valencia St Ste 450, SF 94103	24/7: 415-864-4722

## Mga Serbisyo ng Pagpapayo/Pangangasiwa ng Kaso – LGBTQ

Community United Against Violence (CUAV) • 427 South Van Ness, SF 94103	415-333-HELP (4357)
WOMAN, Inc. • 333 Valencia St Ste 450, SF 94103	24/7: 415-864-4722

## Mga Serbisyo ng Pagpapayo/Pangangasiwa ng Kaso – Seniors

Adult Protective Services (APS)	415-557-5230 24/7 Reporting: 800-814-0009
Asian Pacific Islander Legal Outreach • 1188 Franklin St Ste 202, SF 94109	415-567-6255
Elder Friendship Line • 3330 Geary Blvd # 2W, SF 94118	415-752-3778
Institute on Aging • 3330 Geary Blvd, 2W, SF 94118	415-750-4180
Senior Information and Referral • 875 Stevenson St, SF 94103	415-626-1033

## Mga Serbisyonang Pangkalusugan

Behavioral ACCESS (Medical/Mental Health Referral) 1380 Howard St. 1st Floor, SF 94103	1-800-750-2727
Lyon-Martin Health Services • 1748 Market St Ste 201, SF 94102	415-565-7667
Rape Treatment Center • 2727 Mariposa St Ste 100, SF 94110	415-206-3222
SF Domestic Violence Consortium	415-626-8709
SF General Hospital • 1001 Potrero Ave, SF 94110	415-206-8000
Talk Line for Parents • 1757 Waller Street, SF 94117	24/7: 415-441-5437

## Mga Serbisyonang Pangkalusugan – Mga bata at Adolescent

Asian Perinatal Advocates - Family Support Services • 10 Nottingham Pl, SF 94133	415-206-5450
Child Protective Services	415-558-2650
Central YMCA • 220 Golden Gate, SF 94102	415-885-0460
Child and Adolescent Support Advocacy and Resource Center (CASARC) 995 Potrero Ave, SF 94110	415-206-8386
Horizons Unlimited • 440 Potrero Ave, SF 94110	415-487-6700
Kids' Turn (Divorced Families) • 1757 Waller St, SF 94117	415-777-9977
La Casa de Las Madres • 1663 Mission St Ste 225, SF 94103	877-923-0700
New Generation Health Center • 625 Potrero Ave, SF 94110	415-502-8336
Teenage Pregnancy & Parenting Program • 2730 Bryant Street 2nd Flr, SF 94110	415-695-8300
SF General Hospital: Child and Adolescence Sexual Abuse Resource Center (CASARC) • 995 Potrero Ave, Bldg 80, SF 94110	415-206-4478



**Saan Ako Maaaring Pumunta para sa Higit na Impormasyon o Tulong?** *(patuloy)*

**Legal na Tulong**

Access Center (SF Superior Court) • 400 McAllister St., Rm 519, SF 94102	415-551-5880
Asian Pacific Islander Legal Outreach • 1121 Mission St, SF 94103	415-567-6255
Bar Association (Volunteer Legal Services • 301 Battery St 3rd Floor, SF 94111	415- 982-1600
Bay Area Legal Aid • 1035 Market St, 6th Floor, SF 94103	1-800-551-5554
Community United Against Violence (CUAV) (LGBTQ) 427 South Van Ness, SF 94103	415-333-HELP (4357)
Cooperative Restraining Order Clinic	415-864-1790
The Homeless Advocacy Project • 1360 Mission St Ste 201, SF 94103	415-575-3130
Justice & Diversity Center • 301 Battery St, 3rd Floor, SF 94111	Intake: 415-989-1616 415-982-1600
La Casa de Las Madres (DV shelter) • 1663 Mission Street Ste 225, SF 94103	Adults: 887-503-1850 Teens: 887-923-0700
La Raza Centro Legal • 474 Valencia St, SF 94103	415-575-3500



karinderya.  
**restitution:** *n.* pagsasauli; pagganting-bayad, pagpapanumbalik.  
 restive: *adj.* balisá.  
 mayag.  
**revel:** *v.* magsayá.  
 revelation: *n.* paghahayag, pagpapalagay.  
 revenge: *n.* higanti, ganti, pagpapalagay.  
 revenue: *n.* kinita, rentas





**Nangangalaga sa Komunidad,  
Naghahatid ng Hustisya,  
at Nagbabago ng mga Buhay**



San Francisco Adult Probation Department

*Nangangalaga sa Komunidad, Naghahatid  
ng Hustisya, at Nagbabago ng mga Buhay*

Hall of Justice • 880 Bryant Street • Room 200  
San Francisco, CA 94103  
Telepono 415-553-1706 • Fax 415-553-1771

*(Inilimbag ng SFAPD, Disyembre 2015)*

